# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG MARSO 21, 2022, LUNES, IKA-9:45 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President- |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: 28 MAR 2022 Date: Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 03/28/22 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 255-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 765 – T2021 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN JOSE, SANTA CRUZ, LAGUNA ANG HINDI PAGTUTOL SA PAGPAPALIT NG DAANG HANGYA NG BARANGAY SA LUPANG PAGLILIPATAN NG TATLUMPU'T DALAWANG (32) PAMILYANG NAKATIRA NA NAAPEKTUHAN NG BENTAHAN.**

**SAPAGKAT**, ang dating may-ari ng nabanggit na lupa, Daang Hangya, ay ang Caliraya Holdings kung saan nakatira ang mga maaapektuhang 32 pamilya sa Sitio Sampaguita ng Barangay San Jose, Santa Cruz, Laguna na ibinenta sa Malate Tourist Development Corporation na kailangang okupahin ang nasabing lugar;

**SAPAGKAT**, matapos ng pag-uusap ng Malate Tourist Development Corporation, ng Sangguniang Barangay ng San Jose at ng mga maaapektuhang pamilya ay napagkasunduan na ililipat ang nabanggit na pamilya at tuluyan nang isasara ang nasabing Daang Hangya;

**SAPAGKAT,** ang usapin ay iniliwat sa Lupon sa Pabahay ay Paggamit ng Lupa para sa pagsusuri at pag-aaral

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Efren L. Diaz (Tagapamuno ng Lupon sa Pabahay at Paggamit ng Lupa), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Lucena R. Odejar at Kgg. Ramon D. Tan at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 255-T2021 ng Sangguniang Barangay ng San Jose, Santa Cruz, Laguna ang hindi pagtutol sa pagpapalit ng Daang Hangya ng Barangay sa lupang paglilipatan ng Tatlumpu't Dalawang (32) Pamilyang Nakatira na naapektuhan ng bentahan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Tagatasa, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Pambayang Inhinyero, Sangguniang Barangay ng San Jose at Malate Tourist Development Corporation, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Marso 21, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
3/25/22